101 e. Mendoza street, buting, pasig city | volume 4 , issue 2 |

SAN GUILLERMO PARISH PASIG CITY 1993

# Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

World Youth Day Issue




July 10, 2016 - Send Off Mass of Ate Anne and Kuya Onik for the 31st WYD in Krakow, Poland

## HUWAG KANG MANGAMBA

**Isinulat ni Rev. Fr. Michael Israel T. Ortega**

Minsan naglakad ako sa kalsada ng Tanangco para bumili ng malamig na inumin sa 7-11. Habang naglalakad ako, narinig ko ang malutong na sigaw ng "p#@*$*&#@" ng isang bata sa kanyang kalaro. Napalingon ako at agad ko siyang pinagsabihan na bawal magmura. Humingi siya ng paumanhin sa akin at pinatawad ko siya. Pero may mas malubha pang kasalanan ang nagagawa ng mga bata at kabataan sa kasalukuyan.

Sa ilalim ng pamamahala ni Pangulong Duterte sa pagsugpo sa mga krimen na may kinalaman sa mga ipinagbabawal na gamot, ang karamihan na nahuhuli at (minsan) napapatay sa mga ganyang operasyon ay mga kabataan na menor de edad. Sa kasalukuyan, nakahain na sa Kamara ang isang panukala (bill) para gawing batas na ibinababa ang juvenile delinquency age mula 15 anyos sa 9 anyos. At hindi mo masisi kung bakit inihain na ito sa Kongreso dahil ang mga kabataan ngayon, bukod na sangkot sa mga krimen na may kinalaman sa mga ipinagbabawal na gamot, ay nakakagawa na ng mga karumal-dumal na mga kasalanan at krimen tulad ng panggagahasa sa kapwa menor de edad, pagbubugaw ng kapwa kabataan sa ibang tao (human trafficking), pagnanakaw, pagbu-bully (kahit sa social media tulad ng Facebook at Twitter), kahit pagpatay. Nakakagulat at nakakalungkot na isipin na ang mga kabataan ngayon ay nahulog na sa kapangyarihan ng kasalanan. Marahil, ang isang dahilan nito'y kapabayaan ng mga magulang sa kanila - walang nagtutuwid, walang nagtuturo kung anong mabuti sa masama, walang pag-unawa, at walang awa at habag ang nadarama ng mga kabataan sa kanilang mga tahanan. Tila ba'y madilim na ang kinabukasan ang naghihintay sa karamihan sa mga kabataan at mga bata ngayon. Tila ba'y wala na silang pag-asa na umahon sa kinasasadlakan nilang makasalanang mundo at buhay. Wala na ba talaga silang pag-asa?

Mula Hulyo 19 hanggang Hulyo 31, ipinagdiwang ang ika-31 na Pandaigdigang Araw ng mga Kabataan (31st World Youth Day) sa bansang Poland na kung saan ating ipinadala sina Kuya Archie Dominique Lao at Ate Rowell-Anne Santos bilang kabataang kinatawan ng ating parokya. Kanilang nasaksihan, nakilala, at napakinggan nang malapitan si Papa Francisco na matingkad na nagpayo sa kanila at iba pang kabataan na mula pa sa iba't ibang panig ng daigdig, na may kakayahan sila na magpamalas ng kabutihan sa kapwa na nag-uugat sa kanilang maawain at mahabaging puso. Ngunit, kahit hindi nila ako kasama, ako'y kaisa nila sa diwa sa pamamagitan ng Internet. Salamat sa Internet lalo na sa Facebook, nasubaybayan ko ang mga pangyayari sa Poland lalo na ang Misang Pagtatapos ng Pandaigdigang Araw ng mga Kabataan na pinamunuan ng ating pinakamamahal na Papa Francisco, o mas kilala sa ating mga Filipino na "Lolo Kiko".

Sa Misang iyan, madiing sinabi ng Santo Papa sa mga kabataan na maging matatag na magpamalas ng kabutihan sa kapwa. Heto ang malinaw na pagkasabi niya:

*He demands of us real courage: the courage to be more powerful than evil by loving everyone, even our enemies. People may laugh at you because you believe in the gentle and unassuming power of mercy. But do not be afraid. Think of the motto of these days: "Blessed are the merciful, for they will receive mercy" (Mt. 5:7). People may judge you to be dreamers, because you believe in a new humanity, one that rejects hatred between peoples, one that refuses to see borders as barriers and can cherish its own traditions without being self-centered or small-minded. Don't be discouraged: with a smile and open arms, you proclaim hope and you are a blessing for our one human family, which here you represent so beautifully. [Pope Francis, Homily of the Holy Father for the Concluding Mass of World Youth Day (Documentation Service, vol. 29, no. 8, August 2016), p. 19]*

Kaya ang mensahe niya sa mga kabataan ngayon, hindi lang sa mga piling kabataang kinatawan na mula sa iba't ibang panig ng daigdig, ay huwag mangambang gumawa ng kabutihan na nag-uugat sa kanilang maawain at mahabaging puso. Sa paggawa ng kabutihan, kanilang ipinapahayag ang mensahe ng pag-asa sa iba. Ang kanilang gawin ay kilalanin si Hesukristo na sumasakanilang mga diwa at nag-uudyok sa kanila na mamuhay sa kabutihan, katapatan, at kabanalan. Ibig sabihin, may pag-asa ang mga kabataan natin. Ngunit, upang makita ng mga kabataan at kahit mga bata ang pag-asa na iyan, kailangang may gagabay at magtuturo sa kanila tungo kay Hesukristo na "naparito para sa ating mga makasalanan" (cf. Lukas 5:31). Siya'y ating batayan ng kabutihan, katapatan, at kabanalan. Higit sa lahat, Siya ang ating batayan ng awa at habag, nag-uudyok na kalimutan ang ating sarili upang magmalasakit sa kapwa lalo na sa mga mahihirap.

Kaya mga magulang, inyong ituro sa inyong mga anak ang awa at habag ng Diyos. Mga kabataan at mga bata, inyong kilalanin si Hesus sa Bibliya at Katekismo, at sa Santa Misa. Kaya, magsimba linggu-linggo upang inyong kilalanin si Hesus sa sa pamamagitan ng mga ipinapahayag na Mabuting Balita at Siya'y inyong tanggapin sa Banal na Pakikinabang. Kapag inyong tinanggap si Kristo, inyong maririnig ang Kanyang bilin na gumawa ng kabutihan sa kapwa, sa halip na pakinggan ninyo lang ang inyong makasariling puso na naghahangad ng mababaw na kaligayahan para lang sa sarili. Tayo'y para sa Diyos at hindi para lang sa ating sarili, ayon na rin kay Papa Francisco sa kanyang Pangaral sa loob ng Misang Pagtatapos ng ika-31 na Pandaigdigang Araw ng mga Kabataan.




All smiles as they represent the Diocese of Pasig, together with Pedrito at the Welcome Ceremony in Blonia Park, Krakow.

# MY WORLD YOUTH DAY EXPERIENCE



July 10,2016 - Santos Family: All smiles as they join the whole SGP in supporting their youngest, Ate Anne

The 31st World Youth Day was held last July 26 to 31 in Krakow, Poland, an all-inone package of happiness, excitement, challenges, sacrifices, even kilig moments and most especially, the numerous faith– and fun-filled experiences, that of being alone and independent. All of us were challenged, not only by our delayed flight to Turkey, the 7- hour layover at the NAIA and the difficulty of conversing with other youth delegates who spoke foreign languages. The challenges started when Bro. Onick and I were declared official delegates of San Guillermo Parish to the WYD!

**TIMELINE:**
**February 9, 2016**—Bro. Onick and I are declared OFFICIAL DELEGATES OF SAN GUILLERMO PARISH TO WORLD YOUTH DAY 2016!!!!!!
**July 9, 2016**—Send-off Mass at San Guillermo Parish
**July 16, 2016** at 9:00 PM—Scheduled flight departure for Ataturk Airport, Istanbul, Turkey.



Welcoming Ceremony at Blonia Park: Proud Filipina in Krakow

Finally, the day has come for our departure for Turkey! Early in the morning of the 16th, while doing the final packing of my baggage, I received a text message that ACY delegates must be at NAIA Terminal 1 at 2:00 PM, 4 hours earlier than the normal 3-hour pre-departure checking in before a flight. This was due to the attempted coup d'état in Turkey which was preceded by the bombing within their airport vicinity. The waiting at the NAIA was full of confusion: There were news that we will be catered by other airlines and will have to go separately due to the size of our delegation, then just meet at Krakow. There were also news that we might not be able to leave. After hours of waiting, we were finally brought to Belmonte Hotel at Resorts World due to the extreme delays, where we stayed until we could leave. We were billeted free of charge, complete with all hotel amenities. Despite the delays, we still felt blessed and had the time to rehearse our presentations!


**July 17, 2016** at 9:00 PM At last, we left for Turkey! The Turkish Airlines crew members were very kind during the entire 12-hour trip, especially when they felt we were having dull moments. They were also very accommodating in all sort of ways. We were spoiled with food and everyone was allowed peaceful sleep during the trip. We had a 7-hour layover at Ataturk Airport and were taken cared of very well. Then, the flight from Turkey to Warsaw, Poland! Yes, we are now breathing Polandish air! A bus brought us to St. Anne Parish, which belongs to the Diocese of Lodz.

**July 18 to 25, 2016** —Days in the Diocese When we arrived in the parish, we were welcomed by their parishioners and priests. Their names were very hard to pronounce! They served us bread, coffee, ham, and other traditional Polish food. We met with other youth from France, Ukraine, Seychelles, and of course, Poland. We had city tours, mini programs, mini concerts, and a lot more activities.
The best activity for me in Lodz is having a foster family. When we were segregated to stay with our different foster families, our batch was left behind, with our foster family nowhere in sight! It turned out that our host, Kamila Belka, was cooking our dinner, the reason for her being late. Another blessing for us! We had plenty of wonderful moments with her. Around 30 years old, Kamila lives alone in her 2-bedroom apartment. We realized that being alone makes her hungry for the company of younger sisters, and we were providing her the satisfaction of having younger sisters in her abode. One memorable experience at Lodz was losing our way back to Kamila's apartment on the first night we all decided to go out without her. What an experience!

I got sick in Lodz maybe because I still had not acclimatized to the weather yet. Kamila boiled a Beirut plant for me to drink or somehow eat, and it tasted like strawberry.

On our last day with Kamila, we went to her parents' house, where we met Tata and Mama Ula. They were very laidback and it was our first time to see a real pine tree! We cooked adobo for them and they appreciated it. Before we left, we handed Kamila some gifts from the Philippines. I gave her a San Guillermo image, others gave her Filipino delicacies like polvoron, dried mangoes and other images. It was indeed, a great and adventurous week.

**July 26 to 31**, 2016-WORLD YOUTH DAY Time to go to Krakow for the WYD proper. We took the 6-hour trip and along the way, I felt the strong urge to call my family, whom I was missing terribly, thru Facetime. I talked to them in between my tears. When we arrived at Jiagellonian University for our dormitories, we were all ecstatic, really excited. One of my most memorable experiences in the WYD proper was my being chosen to carry the WYD cross which was passed from one country to another. We arrived at the venue much earlier than the others and felt the scorching heat of the sun. Nothing can compare with my happiness in this event having been given the privilege to represent the Philippines, knowing that I was still a 5-year old child when the WYD was held in Manila. When Pope Francis arrived in Krakow, it was all over the news. We were in Blonia Park for his Welcome Ceremony and I was a few meters away from him when he passed by. I was busy with my two hands, one holding my camera for the photo, the other holding my celphone for the video. I was so thankful to the Lord for the opportunity of getting that close to Pope Francis. I was literally crying buckets of tears after that moment. *- cont. to page 3*



DIOCESE OF PASIG: PRESENT! DAYS IN THE DIOCESE OF LODZ



Lahat gagawin, kahit mahirap, minsan pa'y buwis-buhay makita lang si Lolo Kiko

# WORLD YOUTH DAY 2016: KARANASANG DI KO MALILIMUTAN

*Ang sumusunod ay ang kabuuan ng mga naibahagi ni* ***Bro. Archie Dominique S. Lao****, isa sa dalawang kinatawan ng ating Parokya sa nakaraang World Youth Day na ginanap sa Krakow, Poland, sa isang gabi ng kwentuhan sa parokya noong ika-25 ng Agosto, 2016*

Magandang gabi po sa inyong lahat. Ako, si Archie Dominique S. Lao o mas kilala sa tawag na Onick, ay taos pusong nagpapasalamat sa inyong lahat, sa tulong pinansyal at dasal para sa aking journey sa katatapos lang na World Youth Day 2016 sa Krakow, Poland. Kung hindi po dahil sa inyo ay hindi po ako makakasama.

Isang buwan na po ang nakalipas pero ramdam ko pa din ang journey at experience na naranasan ko sa WYD. Sa ngayon, nakakausap ko ang mga Polish, Ukrainian at French people and we are friends na! Masaya sa pakiramdam na may mga ibang lahi ang nakakausap ko thru Facebook at Messenger; nosebleed pero kinakaya ko kasi hindi din sila marunong mag English kaya it's a tie lang, challenge, pero masaya. Napakarami ko pong natutunan sa journey kong ito. Lagi kong dinadala sa aking kaisipan na ang World Youth Day ay hindi tour lamang kundi isang pilgrimage. Lahat na yata ng feelings nandoon na, full package, ika nga. Happiness, joy, sacrifice, challenge, full of love. Napakarami kong natutunan sa World Youth Day experience, may mapupulot na aral at maibabahagi ko sa inyo at sa kapwa ko kabataan. May mga nagmarkang magaganda sa aking kaisipan at natutunan mula sa tulad nila



Serving at Mass to be presided by His Eminence Luis Antonio Tagle in St. Anne Parish, Lodz, Poland

Pope Francis, Cardinal Tagle, mga kaparian at kapwa ko kabataan.

Sa bawa't tao ay may kanya-kanyang payo at paalala sa atin ang taon ng Habag at Awa. May mga hamon sa aming kabataan na dapat itatak sa aming buhay, at ilan sa mahalagang hamon ay:

**START YOUR FAMILY**– Do not be afraid to start a family. Ang hamon sa atin ay simple lang: kung magsisimula ng pamilya, simpleng kasalan, simpleng handaan. Sa kanya-kanyang kasalukuyang pamilya, huwag mag-atubiling simulan ang pagiging mas malalapit sa isa't isa, at panatiliing matibay ang pagmamahalan – Cardinal Tagle at Father Bebot Catuiran.

**THREE IMPORTANT POINTS TO REMEMBER**: Do not forget that this day was a blessing, an encounter of God's mercy and an invitation to be merciful to others – Pope Francis

**BUILD BRIDGES INSTEAD OF WALLS** - a bridge that brings hope, a bridge that brings unity and peace, and a bridge of mercy in order to avoid walls that separate and ignite hatred. After this what shall we do? – Pope Francis.

**YOUTH MUST LEARN HOW TO PRAY**: Nalulungkot siya, dahil milyong kabataan sa mundo na taga-sunod ni Kristo ay hindi marunong magdasal bagkus bihasa sa computer at mas marami pang oras para sa computer – Pope Francis.

Hindi tayo ginawa ng Diyos dito sa mundo para isilang lang at mamatay bagkus ang hamon sa atin ay may maiwan tayong positibong marka sa mundong ibabaw at maging handa po tayo. – Fr. Marlon Chingwangco at Pope Francis.


Muli, ako po ay nagpapasalamat sa inyong lahat at tinupad ng Diyos ang aking pangarap sa pamamagitan ng tulong ninyo na may awa at habag.



Roaming around with Pedrito always by my side

*Cont. from page 2—WYD Experience*

We proceeded to Campus Misericordiae for the Overnight Vigil and Closing Mass of Pope Francis. This event will mark the end of the WYD. We left the dormitories around 9:30AM, took the tram, and 99% of the way walking, we arrived at the venue by 3:00PM, so tired because of the heat, hunger,thirst, fatigue, and the long distance walking we had to do. I convinced myself to go on, telling myself 'Anne, Pope Francis is waiting for you! You can do it! Malayo na masyado kapag babalik ka pa' Upon arrival, we took the malong, slept, and recharged. Everything that happened this day was truly lifechanging!



Philippines plus the whole world! With our new found friends from different countries



Early Christmas in Poland: Anne, Bel, Chrissie and Kim with their foster sister, Kamila Belka in front of an authentic pine tree!

I have listed some of Pope Francis' main points during the WYD:

1. Do not be a couch potato. In our own little way, we could do something. We should not hinder ourselves from standing up for what it right and we should not let technology hinder us from doing and sharing good deeds.
2. Leave your own mark. Leave a mark that is really remarkable.
3. Forgive others and pray for them.

*By: Rowell Anne C. Santos*

http://www.krakow2016.com/en/official_prayer




"God, merciful Father,
in your Son, Jesus Christ, you have revealed your love
and poured it out upon us in the Holy Spirit, the Comforter,
We entrust to you today the destiny of the world and of every man and woman".
We entrust to you in a special way
young people of every language, people and nation:
guide and protect them as they walk the complex paths of the world today
and give them the grace to reap abundant fruits
from their experience of the Krakow World Youth Day.


Heavenly Father,
grant that we may bear witness to your mercy.
Teach us how to convey the faith to those in doubt,
hope to those who are discouraged,
love to those who feel indifferent,
forgiveness to those who have done wrong
and joy to those who are unhappy.
Allow the spark of merciful love
that you have enkindled within us
become a fire that can transform hearts
and renew the face of the earth.

Mary, Mother of Mercy, pray for us.
Saint John Paul II, pray for us.
Saint Faustina, pray for us.






Taong 2013, nagsimula ang ating parokya na magkaroon ng delegado sa Pandaigdigang araw ng Kabataan. Ito ay ginanap sa Rio, Brazil na dinaluhan ng ating kapwa kabataan na si Patty Mae Perpeña na siyang Youth Coordinator noong taon na iyon. Kasama niya dito noon ang dating kura paroko na si Rev. Fr. Bebot Catuiran.




# Pinagbuklod Niya

ni Kyrie Eleison C. Lababo

Ang kabataan ang pag-asa ng bayan
Mga katagang tumatak sa ating isipan
Ngunit tila ba nawala na sa ating kamalayan
At tuluyan na nating kinalimutan

Maraming kabataan ang tuluyan ng nabulag sa makamundong yaman
At ang tanging iniisip na lang ay ang pansarili nilang kagustuhan
Sa mga bagong teknolohiya'y tuluyan ng nagpalamon
Nagpaalipin sa makamodernong panahon

Minsan, sumagi sa aking isipan
Nasaan na ba ang ating sinumpaan?
Nasaan na ang "Sambayanang makaDiyos, makakalikasan, makatao at makabansa?"
May pag-asa pa bang sa atin ito'y makita o tuluyan na lang ding mawawala?

Ilang beses tayong hindi pinagkatiwalaan
Ngunit may nag-iisang kailanma'y di tayo sinukuan
Marami man, sa ating kakayaha'y nagduda,
May nag-iisang kailanma'y di nawalan ng pag-asa


Maraming kabataan ang Siya'y nakalimutan,
Ngunit sa oras ng pangangailangan, parati syang maaasahan
Maraming kabataan man ang sinubukang lumayo,
Ngunit siya pa ang nakikiusap na pumasok sa ating puso
Maraming kabataan ang tuwing Linggo'y hindi Siya mapagbigyan
Ngunit siya pa ang naglalaan ng araw para sa lahat ng kabataan

Sa pandaigdigang araw ng kabataan,
Ilang kabataan ang sumagisag sa bawat bansang kanilang kinabibilangan
Maputi, maitim o kayumanggi,
Singkit man o bilugan ang mata

Iba't iba man ang itsura at kinaugaliang kultura,
Sila'y natipon-tipon na parang iisa
Tila ba hindi magkaintindihan dahil sa kanilang salita,
Sa isip at puso, sila ay nagkakaisa
At ang nais nila ay papurihan, pasalamatan at ipagbunyi ang dakilang Ama

Isa itong patunay na isa o higit pa ang nagkatipon para sa Kanya,
Buhay na buhay ang kanyang presensya
At walang iba-iba sa mga mata Niya
Dahil tayo ay pinagbuklod-buklod ng walang hanggang pagmamahal Niya.

# Alam Ba Ninyo?




Ang Pandaigdigang Araw ng mga Kabataan na ginanap dito sa Pilipinas mula Enero 14-15, 1995 ay may humigit kumulang na 450,000 pilgrims mula sa iba't-ibang dako ng mundo, at ang misa naman ay dinaluhan ng mahigit kumulang limang milyong katao. Kinailangan ni Pope John Paul II na sumakay sa helicopter para lang makarating siya sa stage.

